# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HUNYO 21, 2021, LUNES, IKA-09:35 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: Date: 01 JUL 2021 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANG... RELEASED NAME DATE 7.1.21 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 313-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG SUPPLEMENTAL INVESTMENT PLAN NG PINAGTIBAY NA PROGRAMA NG EXECUTIVE COMMITTEE (EXECOM) NG MUNICIPAL DEVELOPMENT COUNCIL KAPASIYAHAN BLG. 9-T2021 – KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PROGRAMANG VACCINATION FOR COVID-19 PANDEMIC SA HALAGANG Php100,000,000.00 AT CASH ASSISTANCE TO FAMILIES DURING COVID-19 PANDEMIC SA HALAGANG Php58,000,000.00 AT ILAGAY ANG PROGRAMA SA LAND BANK LOAN NA MAY KABUUANG HALAGANG Php158,000,000.00 PARA SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** may ipinadalang sulat-kahilingan ang Kgg. Punong Bayan Edgar S. San Luis na may petsa Mayo 10, 2021 sa Sangguniang Bayan na humihiling na magsagawa ng Special Session para sa pagpapatibay ng Supplementary Ayuda and Purchase of Covid-19 Vaccines for the vulnerable and affected residents of Santa Cruz, Laguna and to be financed by a Land Bank Loan;

**SAPAGKAT,** upang ipagpatuloy at isakatuparan ang mga programang Vaccination for Covid-19 Pandemic at Cash Assistance to families during Covid-19 Pandemic, ang Executive Committee (ExeCom) ng Municipal Development Council ng Pamahalaang Bayan ay pinagtibay ang mga programa para sa kapakanan ng mamamayan ng bayang ito;

**SAPAGKAT**, upang matugunan ang mga pinagtibay na programa at layunin na matulungan ang mga pamilyang nawalan ng kita, ang Pamahalaan ay gumawa ng pamamaraan para sa kapakanan nito;

**SAPAGKAT**, kinakailangan ang mga nabanggit na programa ay mapasama sa umiiral na mga programa ng Pamahalaan para mailagay sa uutangin sa Land Bank na may kabuuang halagang Php158,000,000.00;

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Alan T. Pamatmat, Kgg. Efren L. Diaz, Kgg. Ramon D. Tan at Kgg. Ambiel John C. Panganiban at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Supplemental Investment Plan ng pinagtibay na programa ng Executive Committee (Execom) ng Municipal Development Council Kapasiyahan Blg. 9-T2021 Kapasiyahang pinagtitibay ang Programang Vaccination for Covid-19 Pandemic sa halagang Php100,000,000.00 at Cash Assistance to Families during Covid-19 Pandemic sa halagang Php58,000,000.00 at ilagay ang Programa sa Land Bank Loan na may kabuuang halagang Php158,000,000.00 para sa bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Land Bank of the Philippines, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hunyo 21, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan / Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
6/29/21